4. Participant and group learning activities	1	2	3	4	5					
5. Pamamaraan ng ebalwasyon ng mga sinasanay	1	2	3	4	5					

B. Ebalwasyon ng pagsagawa ng training

1. Sa iyong palagay, nakamit mo ba ang naging objective o layunin ng inyong session?

- Oo Hindi

2. Ano ang gumana (*worked well*) sa training?
[Hal: Sa (a) logistics - venue, noise level, scheduling [timing/breaks], equipment, snacks, (b) content - mga konsepto o themes ng module, (c) process - pace ng training, learning activities]
3. Ano ang hindi gumana (*did not work well*) sa training? Bakit kaya ito?
4. Aling bahagi (o mga konsepto) ng training nahirapan o hindi gaano maintindihan ng mga kalahok?
5. Aling bahagi ng training mukhang nabuhayan o may aktibong partisipasyon mula sa mga kalahok?
6. Aling bahagi ng training, mukhang naiinip (*bored or disengaged*) or balisa (*anxious or tense*) ang mga kalahok?
7. May mga katanungan ba mula sa kasapi ng training na nahirapan o hindi kayo ready isagot? Anu-ano ang mga ito?
8. Habang ng training: Kumpara sa suggested na training schedule, nung isinagawa ang training ito ay
 - Mas maagang natapos
 - Sakto sa oras
 - Lumampas sa oras o nahuli matapos
9. Kung kayo'y inatasan na i-update o i-redesign itong Bakuna Champions capacity building module para sa mga barangay health workers, ano-ano ang nais ninyong baguhin? May mga topics ba kayong gustong idagdag o ibago mula sa kasalukuyang module?
10. Iba pang mga komento o suhestyon:

References:

1. Demonstrate LGBTQ access. (2015). Tips for trainers: Debriefing a training. Retrieved Sept 13, 2021, from <https://docs.google.com/viewer?url=https%3A%2F%2Fwww.demonstrateaccess.org%2Fwp-content%2Fuploads%2F2015%2F06%2FDebriefing-a-Training.pdf>
2. International Training & Education Center in HIV (iTech). (2006). Training toolkit - Evaluation forms & questionnaires. <https://www.go2itech.org/HTML/TT06/toolkit/evaluation/forms.html>

Annex H. Supervisory checklist

For an editable version of this template, please visit

<https://bit.ly/BCSupervisoryChecklist>

Supervisory Checklist

Pangalan ng Bakuna Champion: _____

Petsa: _____

Pangalan ng Supervisor: _____

Part 1. Bago ang pagbisita

Maglaan ng oras para sa pagbisita sa Bakuna Champion

Siguruhing handa ang mga kakailanganin sa pagbisita gaya ng mga mga sumusunod:

- Opisyal na sulat sa pagbisita
- Transportasyon
- Mga kakailanganin sa meeting (ballpen, papel, record, at iba pang supporting materials)

Balikan ang nakaraang record ng komento at activity ng Bakuna Champion

Itakda ang magiging obhektibo o layunin sa pagbisita sa Bakuna Champion

Part 2. Habang isinasagawa ang pagbisita

2a. Bago isagawa ang immunization group discussion o community/home visit

I-follow up ang action items at mga rekomendasyon mula sa nakaraang bisita

Kumustahin ang Bakuna Champion. Mga halimbawang tanong:

- Kumusta ka?
- Kumusta ka sa iyong trabaho?
- Anong bahagi ng trabaho ang ikinagagalak mo?
- Ano ang mga bagay na nagpadali sa iyong trabaho?
- Ano ang mga hamon na nagpapahirap sa iyong trabaho?

2b. Habang isinasagawa ang immunization group discussion o community/home visit

Obserbahan ang pakikipag-ugnayan ng Bakuna Champion sa mga magulang o tagapag-alaga

- Bago mag-umpisa, ipakilala ang sarili sa magulang o tagapag-alaga. Ipaliwanag ang pakay (o layunin) ng inyong pagbisita. Humingi ng permiso na magkapag-observa. Ipaliwanag na walang personal na impormasyon ang ipapamahagi sa iba, at walang hinihinging pangalan.
- Maupo sa isang sulok habang nakikinig. Siguruhing naririnig nang maayos at malinaw ang interaksyon ng Bakuna Champion at ng magulang/tagapag-alaga.
- Suriin ang Bakuna Champions gamit ang IPC/C checklist (Annex)
- Isulat ang iyong mga obserbasyon sa isang papel. Maaring gamitin itong guide sa pag-feedback sa Bakuna Champion pagkatapos ng home visit o health center visit.

Pagkatapos ng group discussion o community home visit, itanong ang feedback o saloobin ng mga magulang/tagapag-alaga sa isinagawang immunization session. Gamitin ang "Post-visit Client Exit Interview Form".

2c. Pagkatapos isagawa ang immunization group discussion, or community/home visit

- Ipasagot sa Bakuna Champion ang “IPC/C checklist” bahagi ng Annex upang masuri rin ang sarili sa pakikipag-ugnayan sa mga magulang/tagapag-alaga.
 - Kung nakapag sagot na, tanungin kung nais ba nilang pag-usapan nang pribado o ibahagi sa iba pang ka-trabaho.
- Kausapin ng pribado ang Bakuna Champion upang talakayin ang mga naging obserbasyon.
 - Tanungin:
 - Nakatutulong ba ang IPC/C skills sa trabaho? Paano ito nakaapekto sa pakikipag-ugnay sa mga magulang at tagapag-alaga?
 - May mga bahagi ba ng interaksyon kung saan kayo nahirapan? Tumulong sa pagresolba sa mga problema, kung kinakailangan.
 - May mga hamon o challenges na nagpapahirap sa maayos na maisagawa ng IPC/C?
 - Gamit ang IPC/C checklist, isa-isahin ang mga magandang nagawa, kung ano ang mga kailangan pang ipagpabuti sa pakikipag-uganayan.
 - Para sa mga kailangan ipagpabuti, magbigay ng mga maaring gawing pagsasanay (exercises) o on-the-job training.
 - Kung kinakailangan, magplano at mag-schedule ng bago o refresher training.
 - Kung may maling impormasyon na naibigay o hindi naitama na maling impormasyon galing sa magulang/tagapag-alaga, i-wasto ito.
 - *Tandaan! Humanap ng paraan upang maitama ito nang hindi napapahiya ang Bakuna Champion sa magulang/tagapag-alaga. Siguruhin na protektahan pa rin ang kredibilidad ng Bakuna Champion upang manatili pa rin ang tiwala ng komunidad sa kanya.*
- Tapusin ang talakayan sa pamamagitan ng:
 - Magkasundo sa 1 - 3 aksyon na items maaaring ipagpabuti o ma-improve bago ang susunod na pagbisita. Maaari ring gumawa ng isang performance plan kung saan nakalista ang mga gustong pagbutihin pa ng Bakuna Champion at kung kailan niya ito nais magawa.
 - Pagbanggit ng mga napagkasunduan na action item sa Bakuna Champion, kasama ang kanilang manager o supervisor
 - Magkasundo sa araw at oras para sa susunod na pagbisita (at ng bago o refresher training, kung kinakailangan).
- Ipunin ang mga datos na maaaring gamitin sa mga susunod pang pagmomonitor sa Bakuna Champion

Part 3. Pagkatapos ng supervision visit

- Ibahagi ang mga na-observa sa iba pang mga supervisor o manager ng Bakuna Champion sa mga regular na meeting. Dito maaaring mapag-usapan ang maaring gawin upang mapabuti ang Bakuna Champion at ng pagtatakbo ng health center o pasilidad. Maari rin talakayin ang maaring ibigay na suporta.
- Mag-follow up gamit ng text, tawag o email, kung kailangan. Sa ganitong paraan maipapakita ang iyong interes sa programa. Maaari ring magpadala ng mga mensaheng nakakaengganyo sa mga Bakuna Champion upang mas ganahan sila sa kanilang trabaho.

Annex A. Worksheet

Obserbasyon ng Kasanayan sa Pakikipag-Ugnayan para sa Pagbabakuna			
Bakuna Champions: _____	Facility/Site: _____		
Supervisor: _____	Petsa: _____		
Bago ang pagbisita			
Mga layunin o obhektibo sa bisita sa Bakuna Champion:			
1. _____			
2. _____			
3. _____			
Habang isinasagawa ang pagbisita			
1. Mga action items at rekomendasyon mula sa nakaraang meeting na i-follow-up:			
a. _____			
b. _____			
c. _____			
2. Kamustahan			
a) Bahagi ng trabaho na ikinakagalak? _____			
b) Mga bagay na nakakatulong na mapadali sa trabaho? _____			
c) Mga hamon na hinaharap sa trabaho? _____			
d) Mga hamon o challenges sa pagsagawa ng maayos na IPC? _____			
e) Mga kailangan suporta para epektibong masagawa ang IPC? _____			
f) Nakaapekto ba ang interpersonal communication (IPC) sa iyong trabaho bilang BHW at sa pakikipag-ugnayan ko sa mga magulang at tagapag-alaga?			
<input type="checkbox"/> Walang epekto o hindi gaano nagbabago kumpara dati			
<input type="checkbox"/> Nakatulong sa trabaho at pakiki-pagugnayan sa magulang at tagapag-alaga			
Paano? _____			
IPC/C checklist			
	Nagawa ng husto	Kailangang ipagpabuti	Komento
IPC/C Process			
1. Kinamusta ang magulang (o tagapag-alaga). Ipinakilala ang sarili at ang layunin ng pagbisita o pakikipag-usap			
2. Nilaman kung ano na ang alam ng magulang (o tagapag-alaga) ukol sa pagbabakuna			
3. Kung isang nars, midwife o iba pang nagbabakuna, Inihayag ang mahahalagang mensahe sa pagbabakuna			
o Kung anong bakuna ang ibinigay sa bata			
o Mga posibleng side effect at paano lunasan			
o Kailan babalik para sa susunod na pagbabakuna			
o Kahalagahan sa pagdala ng health card			

<ul style="list-style-type: none"> o Iba pang mahahalagang mensahe base sa konteksto ng pag-uusap/pagkonsulta 			
<p>4. Kung nasa group discussion o pangkaraniwang pagkonsulta sa magulang/tagapagalaga, ibinigay ang mga mensahe sa pagbabakuna tulad ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> o Benepisyo ng pagbabakuna (proteksyon mula sa VPDs; makaiwas sa sakit, pagkamatay o gastusin sa pagpapagamot; at iba pa) o Kahalagahan ng pagkumpleto sa bakuna o Ligtas at epektibo ang pagbabakuna o Libre ang bakuna sa mga pampublikong pasilidad o Kailan at kung saan maaaring magpabakuna 			
5. Gumamit ng supporting material tulad ng health/immunization card			
6. Tiniyak kung naintindihan ng magulang/tagapag-alaga ang mga impormasyong ibinahagi (Hal: Pinaulit o pinasummarize sa mga magulang o tagapag-alaga ang mga napag-usapan)			
7. Binigyan ng pagkakataon ang mga magulang o tagpag-alaga na makapagtanong Nasagot nang wasto at maayos ang mga tanong ng magulang/ tagapag-alaga			
8. Nagbigay ng buod ng napag-usapan at mga pinagkasunduang gagawin			
9. Nagpasalamat sa magulang (o tagapag-alaga)			
IPC/C Skills			
10. Nagpakita ng malasakit (o empathy) para sa babakunahan at magulang/ tagapag-alaga (e.g. <i>reflecting back caregivers' feelings</i>)			
11. Nagpakita ng respeto (Hal: Hindi pinagalitan o gumamit ng mapaghusgang salita; Marespetong itanama ang maling kaalaman ukol sa bakuna)			
12. Aktibong nakinig sa magulang/tagapagalaga (Hal: gumamit ng open-ended questions and short responses. Walang ibang distraksyon.). Hindi minadali ang usapan.			
13. Gumamit ng mga payak na salita na madaling maintindihan			

14. Sapat ang nabigay na impormasyon. Hindi na-overload o na-overwhelm ang magulang (o tagapag-alaga) sa dami ng impormasyon.			
15. Wastong paggamit ng non-verbal cues: Eye contact, tono ng boses, gestures, posisyon sa pakikipag-usap (Hal: ka-lebel ang magulang o tagapag-usap)			

Iba pang mga obserbasyon, komento at notes

Self-rating ng Bakuna Champions

Iparate SA Bakuna Champion ang sarili. Mula 1 (Needs Improvement) hanggang 5 (Very good), i-rate:

I-rate ang iyong kaalaman (o knowledge) ukol sa mga bakuna	1 2 3 4 5
I-rate ang inyong kakayahan sa pakikipag-usap, pagtalakay at pagkumbinsi ng mga tao sa komyunidad ukol sa bakuna	1 2 3 4 5
I-rate ang inyong kumpiyansa (o confidence sa pagsasagot sa mga karaniwang tanong o agam-agam ukol sa mga bakuna	1 2 3 4 5

Performance Action Plan:

IPC/C goals: 3 bagay na nais kong ipagpabuti bago ang susunod na sesyon

1. _____
2. _____
3. _____

Schedule ng susunod na pagbisita: _____

Kailangan ng refresher training? Hindi Oo, iskedyul: _____

Annex I. Post-visit client exit interview

For an editable version of this template, please visit

<https://bit.ly/BCExitInterview>

POST-VISIT CLIENT EXIT INTERVIEW

Munisipyo: _____ Barangay: _____

Pangalan ng BHW supervisor: _____

Pangalan ng Bakuna Champion: _____

Petsa: _____

Panuntunan: Ang inyong nakausap ay kasalukuyang nagsasanay o nagtratraining. Upang mapabuti ang kanyang pagsasanay, nais namin makuha ang iyong palagay ukol sa mga napag-usapan ukol sa bakuna. Maaari pong humingi ng 5 - 10 minuto ng iyong oras para sa maikling interview? Ang lahat ng mapag-uusapan ay mananatiling kumpidensyal at hindi lalabas ang iyong pangalan sa aming mga report.

Demographic information ukol sa nanay o tagapag-alaga

Edad ng tagapag-alaga: _____	Edad ng mga anak / bata: _____	
Kasarian <input type="checkbox"/> Babae <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Piniling hindi sabihin	Civil status <input type="checkbox"/> Single <input type="checkbox"/> Kasal o live-in <input type="checkbox"/> Hiwalay (separated) <input type="checkbox"/> Balo (widowed)	Pinakamataas na natapos sa pag-aaral: <input type="checkbox"/> Wala / hindi nakapag-aral <input type="checkbox"/> Elementarya <input type="checkbox"/> High school <input type="checkbox"/> College <input type="checkbox"/> Masteral / doctoral <input type="checkbox"/> Vocational

Mga paniniwala ukol sa mga bakuna

Pakisabi kung kayo ba ay sumasangayon o hindi sumasangayon sa mga sumusunod na pangungusap. Bilugan ang numero. 1 - Lubos na hindi sumasangayon

2 - Hindi sumasangayon

3 - Neutral

4 - Sumasangayon

5 - Lubos na sumasangayon

1. Ligtas ang mga bakuna	1	2	3	4	5
2. Sa tuwing pababakunahan ko ang aking anak/inaalagaang bata, nagkakaroon siya ng karagdagang proteksyon laban sa mga sakit.	1	2	3	4	5
3. Obligasyon ng mga magulang at tagapag-alaga na pabakunahan ang kanilang mga anak/inaalagaang bata	1	2	3	4	5
4. Ako ay naniniwala na ang mga bakuna sa health center ay dekalidad, epektibo at ligtas para sa aking anak/inaalagaang bata.	1	2	3	4	5
5. Irerekomenda ko sa aking mga kapamilya at kaibigan ang pagbabakuna ng kanilang mga anak at inaalagaang bata.	1	2	3	4	5

Ukol sa interaksyon / pakikipag-ugnayan sa Bakuna Champions

<p>1. May ginamit bang mga job aids sa pagpapaliwanag sa inyo? (hal: Bakuna Cards, charts)?</p> <p>a. Kung oo, nakatulong ba ito?</p>	<p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi</p> <p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi</p>
<p>2. Magbigay ng 3 mensahe o impormasyon na tumatak sa iyo mula sa pag-uusap tungkol sa pagpapababakuna</p>	
<p>3. Nasagot ba ang inyong mga katanungan o agam-agam ukol sa pagbabakuna?</p> <p>3a. Kung hindi, ano-anong mga tanong ang nangangailangan pa ng karagdagang impormasyon o paglilinaw?</p>	<p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
<p>4. Magalang (o marespeto) ba ang inyong nakausap?</p>	<p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi</p>
<p>5. Gaano mo mapagkakatiwalaan ang mga impormasyong nakuha mula sa inyong pag-uusap ukol sa pagbabakuna?</p> <p>5a. Kung hindi, bakit nahihirapan ka pagkatiwalaan ito? Anong aspeto ang hindi mapagkakatiwalaan?</p>	<p><input type="checkbox"/> Lubos na mapagkatiwalaan</p> <p><input type="checkbox"/> Mapagkakatiwalaan</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi sigurado /Neutral lamang</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi mapagkatiwalaan</p> <p><input type="checkbox"/> Lubos na hindi mapagkakatiwalaan</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
<p>6. Pagkatapos ng inyong pag-uusap, nag-iba ba ang iyong opinyon/palagay ukol sa mga bakuna?</p>	<p><input type="checkbox"/> Mas nakumbinsi na magpabakuna</p> <p><input type="checkbox"/> Mas hindi tatanggapin ang bakuna</p> <p><input type="checkbox"/> Walang pagbabago</p>
<p>7. Sa kabuuan, paano ninyo ilalarawan ang naging interaksyon / pakikipag-ugnayan sa Bakuna Champion?</p>	<p><input type="checkbox"/> Kuntentong-kuntento</p> <p><input type="checkbox"/> Kuntento ngunit may ilan pang katanungan o duda</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi sigurado</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi gaanong kontento</p> <p><input type="checkbox"/> Lubos na hindi kuntento</p>
<p>8. Gaano mo ilalarawan ang iyong kabuuang karanasan sa pagpapabakuna sa inyong lugar?</p>	<p><input type="checkbox"/> Lubos na kaaya-kaaya</p> <p><input type="checkbox"/> Kaaya-aya</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi sigurado/ Neutral lamang</p> <p><input type="checkbox"/> Hindi kaaya-aya</p> <p><input type="checkbox"/> Lubos na hindi kaaya-aya</p>

<p>9. Kung may magulang kang makasalumuha na may katanungan din tungkol sa pagpapabakuna, maibabahagi mo ba nang tama ang mga impormasyon na naibigay sayo tungkol sa pagpapabakuna?</p>	<p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi sigurado <input type="checkbox"/> Hindi</p>
<p>10. Naengganyo ka bang bumalik upang pabakunahan ang inyong anak o manghikayat na bakunahan ang ibang bata sa komunidad?</p>	<p><input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi sigurado <input type="checkbox"/> Hindi</p>


Suhestyon o mensahe para sa nagsasanay na Bakuna Champion::

Suhestyon o mensahe para sa pagpapaganda ng serbisyo ng pagbabakuna sa mga bata sa inyong lugar:

Annex J. Activity Report Form

For an editable version of this template, please visit

<https://bit.ly/BCActivityReportForm>

	REPUBLIC OF THE PHILIPPINES DEPARTMENT OF HEALTH HEALTH PROMOTION BUREAU
	BAKUNA CHAMPIONS ACTIVITY REPORT FORM

ACTIVITY	
DATE/TIME/VENUE	
PARTICIPANTS <i>(If with signed attendance sheet, kindly attach instead)</i>	

AGENDA ITEM	PROCEEDINGS & DISCUSSION	ACTION POINTS

PREPARED BY:

APPROVED BY:

CHECKLIST: DOCUMENTS TO SUBMIT

Prior to capacity building

- KAP survey

5-day core competency module training

Day 1

- Attendance sheet
- Pre-test questionnaire - Module 1 1 per trainee
- Post-test questionnaire - Module 1 1 per trainee

Day 2

- Attendance sheet
- Pre-test questionnaires - Module 2 1 per trainee
- Post-test questionnaire - Module 2 1 per trainee

Day 3

- Attendance sheet
- Pre-test questionnaires - Module 3 1 per trainee
- Post-test questionnaire - Module 3 1 per trainee

Day 5

- Attendance sheet
- Supervisory checklist worksheet 1 per trainee
- Client exit interview 1 per trainee
- Training Participant Feedback / Cap bldg module eval form 1 per trainee
- Feedback Form / Trainers Debriefing Session 1 per trainER / BHW supervisor

2nd Supervisory Visit (2-weeks post-training)

- Supervisory checklist worksheet 1 per trainee
- Client exit interview 1 per trainee

3rd Supervisory Visit (2-months post)-training

- Supervisory checklist worksheet 1 per trainee
- Client exit interview 1 per trainee
- Post-test for Modules 1, 2 & 3 (repeat) 1 per trainee
- Annual learning needs assessment 1 per trainee

(Optional) 1-year post-training

- Post-test for Modules 1, 2 & 3 (repeat) 1 per trainee
- Annual learning needs assessment 1 per trainee
- KAP survey (repeat)

Annex K. Message House

MAIN MESSAGE	
MAGPABAKUNA PARA SA ISANG HEALTHY PILIPINAS! PROTEKTAHAN ANG INYONG MGA CHIKITING LALO NA SA PANAHOON NG PANDEMYA!	
<p>Message Pillar 1: There will be risks and difficulties from the impending outbreaks</p> <p><i>Due to low immunization coverage, resulting outbreaks will put all of us in difficult and painful situations</i></p>	<ol style="list-style-type: none"> Patuloy ang pagbaba ng immunization coverage sa bansa. Dahil sa pandemya, lalo pang dumami ang mga batang walang bakuna o hindi nabakunahan. Mas tumaas din dahil dito ang banta na kumalat ang mga sakit (vaccine preventable diseases) na maaaring mauwi sa outbreak at pagkamatay ng mga bata. Dagdag pasanin sa lahat ang pag responde sa isang outbreak. Lahat ay maapektuhan ng masamang dulot ng pagkalat ng mga sakit
<p>Message Pillar 2: Timely and complete vaccination is the best way to protect children against vaccine-preventable diseases and prevent impending outbreaks</p> <p><i>Completion of the scheduled vaccination is very important in preventing VPD Outbreaks and protecting our children</i></p>	<ol style="list-style-type: none"> Bakuna pa rin ang pinakamabisang paraan para maprotektahan ang mga bata laban sa mga nakamamatay na sakit. Walang batang dapat magdusa o mamatay dahil sa mga sakit na maiiwasan naman ng bakuna. Para maiwasan ang pagkalat ng mga sakit at outbreak, kailangang tuloy-tuloy ang pagbabakuna sa lahat ng mga bata ayon sa routine immunization schedule at maibigay agad ang anumang nakaligtaang bakuna. <u>Dagdag mensahe kung mayroong Catch-Up Immunization Campaign:</u> Mula [<i>simula ng iskedyul ng kampanya</i>] hanggang [<i>tapos ng iskedyul ng kampanya</i>], magkakaroon ng dagdag na vaccination sites sa mga piling rehiyon upang mapabilis ang pagbabakuna. Magtanong lamang sa inyong LGU o mga health workers sa inyong lugar para sa mga detalye.
<p>Message Pillar 3: Vaccines and the process of providing them are reliable</p> <p><i>Vaccines are Safe, Effective, Available, and Free</i></p>	<ol style="list-style-type: none"> Ang mga bakuna ay ligtas at epektibo. Ang mga bakuna na binibigay sa ating mga chikiting ay dumaan sa mahaba, strikto, at sayantipikong proseso upang matiyak na ligtas at epektibo ang mga ito. Libre ang mga bakuna para sa mga bata. Pabakunahan ang mga bata sa mga health centers at vaccination posts sa inyong lugar gaya ng drive-thru sites, mobile sites, at fixed post sites sa mga mall.

	<p>3. Ligtas magpabakuna ng mga bata sa mga health centers at vaccination posts. Mahigpit na ipinatutupad ang mga COVID-19 safety protocols gaya ng physical distancing, pagsuot ng face mask at face shield, at tamang paghuhugas o pag-sanitize ng kamay.</p>
<p>Message Pillar 4: We need the cooperation of everyone to prevent outbreaks</p> <p><i>Whole-of-society approach is needed to vaccinate all eligible population</i></p>	<p>1. Lahat ay magkakasangga upang mabakunahan ang bawat bata. Mga magulang man ang may pangunahing responsibilidad na makumpleto ang bakuna ng kanilang mga anak, lahat tayo - mula sa gobyerno, health sector, development partners, at pribadong sektor pati na rin mga volunteers at miyembro ng komunidad - ay may malaking papel sa pagtitiyak na lahat ng bata ay protektado ng mga bakuna at ligtas sa mga nakamamatay na sakit.</p> <p>2. Ang ating pagtutulungan sa pagbabakuna ay subok na may resulta. Sa patuloy nating pagtutulungan para sila ay mabakunahan magagawa natin muling wakasan ang banta ng outbreaks o pagkalat ng mga sakit. Nagawa na natin ito dati at muli natin itong magagawa kung tayo ay patuloy na tatayo bilang magkakasangga sa pagpapabakuna.</p>

KEY MESSAGES FOR THE LOCAL IMPLEMENTERS (LGUS)

<p>Message Pillar 1: There will be risks and difficulties from the impending outbreaks</p>	<p>1. Dahil sa pagdami ng mga batang hindi nabakunahan o hindi kumpleto ang bakuna, malaki ang banta na kumalat ang mga nakamamatay na sakit (vaccine-preventable diseases) at mauwi sa outbreak.</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Dumadami ang bilang ng mga batang hindi kumpleto o walang bakuna. Lalo pa itong dumami dahil sa pagkaantala ng pagbabakuna noong nagsimula ang pandemya. <p>2. Buong komunidad ang apektado kapag dumami ang batang magkakasakit</p> <ul style="list-style-type: none"> ● Ang pera at panahon na dapat sanang nakalaan sa pagsugpo ng kasalukuyang pandemya ay maaaring mapunta pa sa pagresponde sa outbreak na maaari namang maiwasan. ● Lalo na ngayon na nakatuon ang mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa pandemya at hirap na ring tumanggap ng mga pasyente ang mga ospital at iba pang health facilities, hindi na natin kakayanin pang harapin ang sabay-sabay na outbreak. Lalong mahahati ang atensiyon ng lokal na pamahalaan at kukulangin sa pondo, health workers, at PPEs. ● Kung mas marami ang mababakunahang bata, mas makakatutok ang pamahalaan sa problemang nangangailangan ng atensyon gaya ng COVID-19.
---	---

Message Pillar 2:

Timely and complete vaccination is the best way to stop the impending outbreaks

1. **Bakuna pa rin ang pinakamabisang paraan para maprotektahan ang mga bata laban sa mga nakamamatay na sakit.**
 - Walang bata sa ilalim ng ating pag-aalaga ang kailangan magdusa o mamatay dahil sa mga sakit na maiiwasan naman ng bakuna.
2. **Upang maiwasan ang paglaganap ng nakahahawa at nakamamatay na sakit sa mga bata, nangangailangan pa rin ng patuloy na suporta mula sa lokal na gobyerno sa pagpapatuloy ng pagbabakuna.**
 - Kailangang maibigay agad sa mga bata ang mga bakunang nakaligtaan o hindi pa naibibigay ayon sa routine immunization schedule.
 - Hindi lang laban sa polio at tigdang kundi sa iba pang sakit. Hindi dapat natin hayaan na mawalan ng saysay o halaga ang ating mga sakripisyo para sa kaligtasan ng mga bata.
 - **Dagdag mensahe kung mayroong Catch-Up Immunization Campaign:** Ito ay gagawin sa pamamagitan ng isang catch-up immunization ngayong [*simula ng iskedyul ng kampanya*] hanggang [*tapos ng iskedyul ng kampanya*].

Message 3:

Vaccines and the process of providing them are reliable

1. **Ang mga Local na Pamahalaan ay inaasahan ng mga mamamayan na magbigay ng ligtas, epektibo, at libheng serbisyo sa pagbabakuna.**
 - May papel ang mga LGUs para mapalakas ang kumpiyansa ng mga tao sa bakuna.
 - Patuloy na ipamahagi na ang mga bakuna ay ligtas at epektibo. Ang mga bakuna ay dumaan sa mahaba, strikto, at sayantipikong pagsisiyasat at sertipikasyon.
2. **Kaagapay ang mga LGUs, sisiguraduhin ng DOH na mapanatili ang kaligtasan sa mga vaccination sites para sa mga Bakuna Champions, HCWs at sa mga magpapabakuna. Kinakailangan sundin ng mabuti ang COVID-19 minimum public health standards:**
 - a) Siguraduhin na makakapaglaan ng Personal Protective Equipment o PPE tulad ng face mask at face shield ang mga Bakuna Champions at HCWs na nagbabakuna.
 - b) Patuloy na paalanan ang mga tao na sundin ang tamang paghuhugas ng kamay gamit ang malinis na tubig at sabon o alcohol bago at pagkatapos magbakuna.
 - c) Tiyakin din na may sapat na espasyo ang mga tao para sa social distancing o pagpapanatili na may isang metrong layo sila sa isa't isa sa mga vaccination sites.

Message 4: We need the cooperation of everyone to prevent outbreaks

1. **May resulta na ang ating pag tulong-tulong upang makamantan ang layunin na mabakunahan ang ating mga chikiting!**

- Hindi matatawaran ang naiambag ng mga LGUs sa tagumpay na nakamit natin sa nakaraang malawakang pagbabakuna.
 - Noong June 2021, idineklara ng WHO na napigilan natin ang polio outbreak sa bansa. Napigilan din natin ang posibleng outbreak ng tigdás. Dahil dito, lubos ang aming pasasalamat sa inyong tulong at sakripisyo upang mas maraming bata ang maligtas sa sakit.
2. **Kaagapay ng LGUs at DOH ang iba't-ibang sector sa paghahatid ng bakuna para sa mga batang babakunahan.**
 - Sa tulong-tulong na pagsusuyod at paghahatid ng bakuna sa mga bata, mabibigyan sila ng agarang proteksiyon laban sa mga nakamamatay na sakit.
 3. **Bilang lokal na opisyal, inaasahan ang iyong mahusay na pamumuno para mabakunahan agad ang lahat ng batang walang bakuna o hindi kumpleto ang bakuna.**
 - **Dagdag na mensahe kung mayroong Catch-up Immunization Campaign:** Narito ang mga hakbang upang masuportahan ang catch-up immunization sa inyong lugar:
 - a) Tiyaking may plano (microplan) ang inyong lokal na pamahalaan para masuportahan ang catch-up immunization.
 - b) Maglaan ng sapat na pondo at health personnel para ma-update ang listahan ng mga batang babakunahan sa inyong lugar (target client list)
 - c) Siguraduhing may sapat ang bilang ng health workers at volunteers na may kasanayan para gawin ang tama, ligtas, at dekalidad na pagbabakuna. Dapat may sapat na pondo rin para sa personal protective equipment (PPE) at logistics ng mga health workers at vaccination teams.
 - d) Ipatupad ang mga protocols at maglaan ng suporta para sa COVID-19 screening ng mga health workers bago at pagkatapos ng pagbabakuna, temperature check at pag-report ng mga sintomas ng COVID-19. Makatutulong din ang suporta sa crowd control para mapanatiling ligtas ang pagpapabakuna sa mga bata.
 - e) Ipaalam sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang babakunahan ang kumpletong detalye ng pagpapabakuna gaya ng itinakdang lugar, schedule, at proseso ng pagbabakuna. Umapela sa mga magulang at tagapag-alaga ng bata na makiisa at kumpletuhin ang kanilang mga anak.

Key Messages for the Local Partners for Health

1. Susi ang inyong suporta at tulong sa mga napagtagumpayan natin nitong nakaraang mga malawakang pagbabakuna. Dahil sa inyong kredibilidad at mapagbigay na tugon bilang aming kasangga, milyon-milyong bata ang nabigyan natin ng proteksiyon laban sa nakahahawa at nakamamatay na sakit gaya ng tigdás at polio.
2. Gayunpaman, marami pa ring mga batang hindi nabakunahan o hindi pa kumpleto ang bakuna laban sa mga sakit. Dahil dito malaki pa rin ang naiiwang banta ng outbreak o pagkalat ng mga nakahahawa at nakamamatay na sakit sa mga bata. Kaya naman, muli naming hinihingi ang inyong tulong upang maipahatid ang mga bakuna sa mga

nangangailangang bata. Walang batang dapat magdusa o mamatay sa mga sakit na pwedeng maiwasan ng bakuna.

3. Bilang aming kasangga sa pagpapabakuna, maaari kang tumulong sa mga sumusunod na paraan:

- **Professional organizations at celebrities**
 - Ipagpaalam sa publiko ng tama at kumpletong impormasyon tungkol sa mahahalagang detalye sa pagpapabakuna gaya ng itinakdang lugar, schedule at proseso ng pagpapabakuna sa inyong lugar. Maaari ring maglathala ng official statement sa publiko na nagpapahayag ng iyong suporta sa kampanyang ito.
- **NGOs, CSOs, development partners**
 - Tumulong sa pagtutukoy ng mga batang hindi pa nabakunahan at pagkumbinsi sa kanilang magulang. Maaari ding magbahagi ng iba pang uri ng suporta gaya ng pagdaragdag ng mga volunteers o pagbabahagi ng mga kagamitan na posibleng tumulong sa pagpapahatid ng tamang impormasyon tungkol sa pagpapabakuna.
- **Government partners**
 - Maglathala ng directive o advisory sa nasasakupan tungkol sa tulong at suportang maaaring maibigay sa kampanya. Maaari ring tumulong sa pagtukoy at pagkumbinsi ng mga magulang na may anak na wala pang dalawang taong gulang at hindi pa nababakunahan o kulang pa ang bakunang natanggap.
- **Lahat ng partners**
 - Gamitin ang lahat ng plataporma at networks upang maihatid ang mensahe tungkol sa kampanyang ito. Tulong-tulong tayong hikayatin ang mga magulang at tagapangalaga na pabakunahan ang kanilang anak nang sa gayon ay maproteksyunan ang mga bata laban sa nakahahawa at nakamamatay na mga sakit

Key Messages for the Media

1. Katuwang ang media sa mga tagumpay na nakamit natin sa mga nakalipas na malawakang pagpapabakuna. Kabilang na dito ang pagkontrol sa pagkalat ng tigdang at polio sa bansa. Ngunit sa kabila nito, patuloy pa rin na tumataas ang bilang ng mga batang hindi nabakunahan o hindi kumpleto ang bakuna laban sa mga sakit dahil sa mga pag-aantalang dulot ng pandemya.
2. Kailangan ng agarang pagtugon sa pangangailangan ng mga bata at proteksyunan sila laban sa mga nakahahawa at nakamamatay na mga sakit. Sa tulong ng media, maraming mga magulang ang maaari pang makaalam tungkol sa kampanyang ito at maintindihan ang kahalagahan ng kumpleto at napapanahon na pagpapabakuna ng kanilang anak. Maaari ring mahikayat ang publiko na makiisa sa pagsuporta sa kampanya at pag-iwas sa pagkalat ng mga nakahahawa at nakamamatay na mga sakit.
3. Maraming buhay ng bata ang posibleng mailigtas sa tama, responsable at makatotohanang pagbabalita.

Annex L. Bakuna Champions Playbook Evaluation

For an editable version of this template, please visit

<https://bit.ly/BCPlaybookEvaluation>

Bakuna Champions Playbook Evaluation Evaluation Form

A. Bilugan ang iyong rating o grado sa bawat item.

- 1 - lubos na 'di sumasang-ayon
- 2 - di sumasang-ayon
- 3 - sumasang-ayon
- 4 - lubos na sumasang-ayon

1. Ang Bakuna Champions Playbook ay nakatulong sa problema sa pagbabakuna sa aming komunidad.	1	2	3	4
2. Nakapagbigay ng sapat na gabay sa pagsasagawa o pag-implement ang Bakuna Champions Playbook.	1	2	3	4
3. Nakapagbigay ng sapat na gabay sa pagmonitor at pag-evaluate ang Bakuna Champions Playbook.	1	2	3	4
4. Madaling maintindihan ang Bakuna Champions Playbook.	1	2	3	4
5. Ang Bakuna Champions Playbook ay madali at kayang maisagawa sa aming komunidad.	1	2	3	4

B. Ilang porsyento ng mga playbook component ang ginamit ninyo sa implementasyon?

Bilugan ang iyong rating o grado sa bawat item.

1. Health Policy Brief	0%	25%	50%	75%	100%
2. Template Ordinance	0%	25%	50%	75%	100%
3. Implementation Checklist	0%	25%	50%	75%	100%
4. Basic Resource Requirements	0%	25%	50%	75%	100%
5. Capacity-Building Outline	0%	25%	50%	75%	100%
6. Communication Plan	0%	25%	50%	75%	100%
7. Template Communication Materials	0%	25%	50%	75%	100%
8. Monitoring and Evaluation Plan	0%	25%	50%	75%	100%

C. Suhestyon. Sa paanong paraan pa namin mapapabuti ang Bakuna Champions Playbook?

References

1. United Nations Children's Fund (2021). Immunization Dashboard. Retrieved from <https://data.unicef.org/topic/child-health/immunization/>
2. Department of Health National Immunization Program (2021). Philippine Immunization Profile: 3rd Edition [PDF File].
3. Larson, H. J., Hartigan-Go, K., & de Figueiredo, A. (2019). Vaccine confidence plummets in the Philippines following dengue vaccine scare: why it matters to pandemic preparedness. *Human vaccines & immunotherapeutics*, 15(3), 625–627. <https://doi.org/10.1080/21645515.2018.1522468>
4. Department of Health and World Health Organization (October 2016). The Philippine Immunization Program Strategic Plan for 2016-2022 [PDF File]
5. Shoup JA, Narwaney KJ, Wagner NM, et al. Social Media Vaccine Websites: A Comparative Analysis of Public and Moderated Websites. *Health Educ Behav*. 2019;46(3):454-462. doi:10.1177/1090198118818253
6. MacDonald, N. E., & SAGE Working Group on Vaccine Hesitancy (2015). Vaccine hesitancy: Definition, scope and determinants. *Vaccine*, 33(34), 4161–4164. <https://doi.org/10.1016/j.vaccine.2015.04.036>
7. Sarkar, S. (2010). Community engagement in HIV prevention in Asia: going from 'for the community' to 'by the community'—must we wait for more evidence?
8. Pattanayak, S. K., Yang, J. C., Dickinson, K. L., Poulos, C., Patil, S. R., Mallick, R. K., ... & Praharaj, P. (2009). Shame or subsidy revisited: social mobilization for sanitation in Orissa, India. *Bulletin of the World Health Organization*, 87, 580–587.
9. Haggstrom, E. "Slums Find Dignity In Sanitation," ICOSA Magazine, (2010).
10. World Health Organization (2021). Social Mobilization. Retrieved from: <https://www.who.int/healthpromotion/social-mobilization/en/>
11. Jalloh, M. F., Wilhelm, E., Abad, N., & Prybylski, D. (2020). Mobilize to vaccinate: lessons learned from social mobilization for immunization in low and middle-income countries. *Human vaccines & immunotherapeutics*, 16(5), 1208–1214. <https://doi.org/10.1080/21645515.2019.1661206>
12. Siddique, A. R., Singh, P., & Trivedi, G. (2016). Role of Social Mobilization (Network) in Polio Eradication in India. *Indian pediatrics*, 53 Suppl 1, S50–S56
13. Deutsch, N., Singh, P., Singh, V., Curtis, R., & Siddique, A. R. (2017). Legacy of Polio-Use of India's Social Mobilization Network for Strengthening of the Universal Immunization Program in India. *The Journal of infectious diseases*, 216(suppl_1), S260–S266. <https://doi.org/10.1093/infdis/jix068>
14. UNICEF Bangladesh Humanitarian Situation Report No.22 (Rohingya Influx). UNICEF; 2018.
15. Macinko J, Guanais FC, de Fátima M, de Souza M. Evaluation of the impact of the Family Health Program on infant mortality in Brazil, 1990-2002. *J Epidemiol Community Health*. 2006 Jan;60(1):13-9. doi: 10.1136/jech.2005.038323. PMID: 16361449; PMCID: PMC2465542.
16. Miles A, Reeve M J, Grills N J. Effectiveness of community health worker-delivered interventions on non-communicable disease risk and health outcomes in India: A systematic review. *Christian J Global Health*. December 2020; 7(5):___ <https://doi.org/10.15566/cjgh.v7i5.439>
17. Scott K, Beckham SW, Gross M, Pariyo G, Rao KD, Cometto G, et al. What do we know about community-based health worker programs? A systematic review of existing reviews on community health workers. *Human Resources for Health*. 2018; 16(1):39. Available from: <https://doi.org/10.1186/s12960-018-0304-x>
18. Woldie, M., Feyissa, G. T., Admasu, B., Hassen, K., Mitchell, K., Mayhew, S., McKee, M., & Balabanova, D. (2018). Community health volunteers could help improve access to and use of essential health services by communities in LMICs: an umbrella review.

